# Balitang Manmin

BILANG 197 PEBRERO 18, 2018

# Kapangyarihan ng Banal na Espiritu sa Pamamagitan ng Panyo

Kinakailangang ipakita ang kapangyarihan ng Diyos na buhay sa mundong puno ng kasamaan at kasalanan. Dapat ipamalita ang tungkol sa pagmamahal ni Jesu-Cristo sa mundong malapit ng magwakas. Namatay Siya sa krus para magligtas ng sangkatauhan. Gaya ng sinabi ni Jesus sa Juan 4:48, "Malibang makakita kayo ng mga tanda at mga kababalaghan, hindi kayo mananampalataya."

Dahil batid ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee na kinakailangang magpakita ng mga tanda, himala, at iba pang kapangyarihan ng Diyos, ginagawa niya ito. Sa pamamagitan nito at ng ebanghelyo ni Jesu-Cristo, nakapagdala siya ng napakaraming mga kaluluwa sa daan patungo sa kaligtasan, pinatunayan niya na ang nakasulat sa Biblia ay totoo, at pinatunayan niya na buhay ang Diyos.

Sinasabi ng Ang Mga Gawa 19:11-12, "Gumawa ang Diyos ng mga di-pangkaraniwang himala sa pamamagitan ng mga kamay ni Pablo, kaya't nang ang mga panyo o mga tapis na napadikit sa kanyang katawan ay dinala sa mga maysakit, nawala sa kanila ang mga sakit, at lumabas sa kanila ang masasamang espiritu."

Sa kasalukuyan, nangyayari ito dahil sa panyong pinanalanginan ni Dr. Lee. Hindi mabilang ang mga taong dumadanas ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu sa buong mundo. Dahil sa naranasan nila, tumanggap sila sa Panginoon, nakamit nila ang totoong buhay. Ito ay isang malaking pagpapala mula sa Diyos na nagnanais na maligtas ang lahat ng tao at matanto ang katotohanan.

Kamangha-mangha ang kapangyrihang ipinapakita ng Diyos sa pamamagitan ng panyo, nagsasagawa ng mga pagpupulong sa buong mundo, hindi lang sa buong bansa. Bukod dito, habang lumalaki ang kapangyarihang ibinibigay kay Dr. Lee, mas mabilis at mas malaki din ang mga nagaganap na pagpapagaling.

Hindi hihinto ang Manmin Central Church sa pagsulong sa pananampalataya para sa pagbabahagi ng ebanghelyo sa buong bansa at pagmimisyon sa buong taon ng 2018 hanggang ang lahat ng 7.6 bilyong tao sa buong mundo ay madala sa kandungan ng Panginoon.

## "Paralisado ang ibabang bahagi ng katawan ko dahil sa hindi pangkaraniwang karamdaman, pero nakapaglakad ako!"

**Kapatid Mac Joseph Delfin, 25 taong gulang, Cavite Manmin Church, Pilipinas**

Noon, ako at ang pamilya ko ay saradong Katoliko, pero naging Cristiano kami. Magmula noon, napakasaya na namin. Nangyari ang kamangha-manghang bagay na ito dahil sa hindi inaasahang karanasan ko.

Noong Setyembre 2017, sumakit ang ulo ko at nagkaroon ako ng mataas na lagnat. Sa pagsusuri, nakitang mayroon akong Guillain-Barre syndrome. Nawala ang natural na proteksyon ng katawan ko (immune system) at nasira ang peripheral nervous system ko (ito ay isa sa dalawang klase ng nervous system ng katawan ng tao). Kasama sa peripheral nervous system ang bahagi sa paligid ng utak at gulugod. Dahil hindi ito pangkaraniwan, wala pang nahahanap na gamot para dito, nag-iniksyon lang ako ng mg bitamina. Naparalisa ako mula sa baywang hanggang sa mga paa. Paralisado din ang mukha at lalamunan ko. Pinakain ako sa pamamagitan ng tubo na pinadaan sa butas ng ilong ko.







Bahagyang bumuti ang kalagayan ko sa pananatili ko sa ospital sa loob ng isang buwan. Pero hindi ko pa rin naigalaw ang ibabang bahagi ng katawan ko. Nawalan ako ng pag-asa, problemado ako sa katawan at isipan. Pinauwi ako mula sa ospital, walang inasahang pagbabago ng kalagayan. Noong Oktubre 26, lumipat ako sa bahay ng lola ko na malapit sa ospital.

Pagkaraan ng dalawang araw, may mga taong bumisita sa aming dalawa ng lola ko. Sinabi nila sa akin, "Gagaling ka mula sa karamdaman mo sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos. Maraming mga tanda, himala, at pagpapakita ng kapangyarihan ng Diyos ang nagaganap sa pananalangin ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee."

Sinabi nila na magdadaos ang iglesya nila ng isang pagpupulong na may panyong nakapagpapagaling. Si Rev. Heesun Lee ang mangunguna dito, maraming magaganap na pagpapagaling at pagsagot sa mga kahilingan. Sa tulong ng pamilya ko, nagdesisyon akong pumunta sa Cavite Manmin Church, dumalo ako sa pagpupulong, nakasakay sa silyang may gulong.

Noong Disyembre 3, 2017, idinalangin ako ni Rev. Heesun Lee sa pagpupulong na may panyo na pinanalanginan ni Dr. Jaerock Lee (Ang Mga Gawa 19:11-12). Naramdaman ko ang apoy ng Banal na Espiritu sa buong katawan ko. Pinagpawisan ako, parang lumakas ang mga binti ko.



Tumayo ako mula sa silyang may gulong, nagsimula akong maglakad sa tulong ng ibang tao. Nakakamangha! Pero ang mas nakakamangha pa, sa simula, hindi ako makapaglakad kung hindi ako tutulungan, pero ngayon, nakapaglakad na ako nang walang tulong!

Tumanggap sa Panginoon ang buong pamilya ko nang gumaling ako mula sa karamdaman ko. Nagpapasalamat at niluluwalhati ko ang Diyos na nagpagaling sa akin at nagbigay sa buong pamilya ko ng buhay na walang hanggan.

## Tumanggap sa Panginoon ang Isang Hindu at Isang Buddhist!



Si Kapatid Tara Singh, 28 taong gulang, at taga-India ay dating Hindu, mayroon siyang kanser sa dugo. Nanghina siya, at pinagdusahan niya ang matinding pananakit at pangangati ng katawan. Isang araw, dinala siya sa Delhi Manmin Church. Tumanggap siya doon ng panalanging may panyo. Pagkatapos, pumunta siya sa ospital para magpasuri, at sinabi ng doktor na wala na siyang kanser! Sinabi niya, "Masaya ako dahil nakilala ko ang tunay na Diyos! Cristiano na ako ngayon. Nangangaral ako ngayon sa ibang tao tungkol sa Panginoon, pinagaling at binago niya ako."

Si Kapatid Kunnang Jaikaewoo, 38 taong gulang, taga-Thailand ay isang Buddhist. Naging interesado siya sa pagpupulong na may panyong nakapagpapagaling sa Chiang Rai Manmin Church nang marinig niya ang tungkol dito. Dumalo siya sa pagpupulong, at tinanggap niya ang Panginoon doon. Sinabi niya, "Nakita ko ang mga taong nagpapatotoo na sila ay gumaling. Hindi ako nagkaroon ng espirituwal na karanasan noong Buddhist pa ako kahit tapat ang paglilingkod ko. Pero totoong buhay ang Diyos. Tinanggap ko si Jesu-Cristo bilang Panginoon dahil napakaraming pruwebang kapanipaniwala." Sinabi din niya na gumaling din ang anak niyang lalaki mula sa sakit sa balat dahil sa panalanging may panyong makapangyarihan.



# Pananampalataya Ko at Pananampalatayang Ibinibigay ng Diyos



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

"Nang makita ni Jesus ang kanilang pananampalataya, sinabi Niya sa lumpo, 'Anak, pinatatawad na ang iyong mga kasalanan' ...Tumayo nga siya, agad na dinampot ang higaan at umalis sa harapan nilang lahat. Anupa't namangha silang lahat at niluwalhati nila ang Diyos, na nagsasabi, 'Kailanma'y hindi pa tayo nakakita ng ganito!'" (Marcos 2:5, 12).

Noong nasa Capernaum si Jesus, pumunta ang isang paralisadong lalaki sa isang bahay kung saan naroon si Jesus. Nabalitaan niya noon pa man ang tungkol kay Jesus, nagpatulong siya sa apat na kaibigan, binuhat siya ng mga ito. Pero dahil napakaraming tao, hindi siya makasingit papasok sa bahay. Binutas ng mga kaibigan niya ang bubungan ng bahay at ibinaba ang higaan ng lalaking paralisado sa harapan ni Jesus. Nakaharap niya si Jesus, at dahil nakita ni Jesus ang pananampalataya niya, agad siyang pinagaling.

Makikita dito na walang imposible kung mananampalataya. Pag-aralan natin kung paano mabilis na tatanggapin ang mga kasagutan pagdating sa pananampalataya.

### 1. Ipakita ninyo ang pananampalatayang nagmumula sa inyo, gamitin natin itong 'pundasyon' ng pananampalataya.

Ang itinutukoy na 'pananampalatayang nagmumula sa inyo' dito ay makalaman na pananampalataya, ito ay kaalaman, nasa isipan lang. Naniniwala tayo na nilikha ng Diyos ang langit at lupa, at lahat ng bagay na narito sa pamamagitan ng salita Niya. Naniniwala tayo na namatay si Jesus sa krus para sa kasalanan natin at muling nabuhay sa ikatlong araw. Ito ang pananampalatayang galing sa atin'. Nakukuha natin ito sa pakikinig ng mga sermon o pagbabasa ng Biblia. Ang layunin nito ay maging pundasyon para makamit natin ang espirituwal na pananampalataya na ibibigay ng Diyos, magiging daan ito ng mga kasagutan Niya.

Mayroong 'pundasyon' ng pananampalataya ang lalaking paralisado at ang apat na kaibigan niya. Pinaniwalaan nila na nakapagpapagaling si Jesus ng mga karamdaman. Ipinakita nila na tunay ang pananampalataya nila sa pamamagitan ng mga gawa. Nagsikap sila na patatagin ang 'pundasyon' ng pananampalatayang nagmumula sa kanila. Nakita ito ni Jesus, at agad Siyang sumagot, "Anak, pinatatawad na ang iyong mga kasalanan."

Kahit ngayon, para tanggapin ang mga minimithi ng puso natin, dapat nating ipakita ang ating pananampalataya sa pamamagitan ng mga gawa. Kaya ihanda natin ang 'pundasyon ng pananampalataya'. Ipakita natin ang pinakamaliit na sukat ng pundasyon para tumanggap ng mga kasagutan. Kung mayroon kayong pananampalataya bilang kaalaman sa pamamagitan ng pakikinig ng mga panimulang mga mensahe tulad ng "Diyos na Manlilikha" at "Bakit si Jesus ang Ating Tanging Tagapagligtas?" mararanasan ninyo ang pagpapagaling ng Diyos. May mga tao, kahit mga mananampalataya, na naaaksidente o nagkakaroon ng malalang sakit. Lumalapit sila para maipanalangin. Dapat nilang malaman ang dalawang mahalagang utos; Panatilihing banal ang araw ng Panginoon at magbigay ng buong ikapu at magsisi, pero hindi nila sinunod ang mga ito (Santiago 2:26).

Kapag ipinakita ninyo ang inyong pananampalataya sa pamamagitan ng mga gawa, magiging matatag ang pundasyon na itatayo ninyo para maging daluyan ng mga kasagutan mula sa Diyos. Kung minsan, kinakailangan ng maalab na pananalangin at pag-aayuno kung hihimukin kayo ng Banal na Espiritu para tumanggap ng mga kasagutan. Baka kailanganin ding gumawa ng kabutihan tulad ng pagbabahagi ng ebanghelyo, boluntaryong paglilingkod, o pagkakawanggawa, ayon sa paghihikayat ng Banal na Espiritu, at ayon sa sukat ng pananampalataya ninyo.

Kapag ipinakita ninyo na may pananampalataya kayo sa pamamagitan ng mga gawa ninyo, na nangangahulugang nagtatatag kayo ng pundasyon ng pananampalataya, bibigyan kayo ng Diyos ng espirituwal na pananampalataya.

### 2. Dapat walang pader ng kasalanan sa pagitan ninyo ng Diyos.

Sa binasa nating talata sa araw na ito, sinabi ng talata 5, "Nang makita ni Jesus ang kanilang pananampalataya, sinabi Niya, 'Anak, pinatawad na ang iyong mga kasalanan.' Pinatawad muna Niya ang kasalanan ng taong ito, bago Niya ito pinagaling dahil batid Niya ang espirituwal na batas.

Sinasabi ng Isaias 59:1-2, "Narito, ang kamay ng PANGINOON ay hindi maikli na di makapagligtas; ni hindi mahina ang Kanyang pandinig, na ito'y di makarinig. Ngunit pinaghiwalay ng inyong mga kasamaan kayo at ang inyong Diyos, at ang inyong mga kasalanan ay siyang nagkubli ng Kanyang mukha sa inyo, anupa't Siya'y hindi nakikinig." Kung may pader kayo ng kasalanan laban sa Diyos, kahit inihanda ninyo ang pundasyon ng pananampalataya, hindi kayo tatanggap ng mga kasagutan mula sa Diyos.

Kung may pader ng kasalanan ang mga tao, pwedeng magtanim ng mga negatibong saloobin si Satanas sa puso ninyo, hindi magiging matatag ang pundasyon ng pananampalataya. Pwedeng magkaroon ng pag-aalinlangan at mapipigilan ang posibleng kasagutan. Baka mawala pa ang kaalaman tungkol sa pananampalataya. Baka isipin pa nilang nagkataon lang ang mga patotoo ng ibang tao at mga sariling karanasan nila. Kaya para tumanggap ng mga kasagutan ng pananampalataya, tanggalin ang pader ng kasalanan sa pagitan ninyo ng Diyos.

Mayroon ba ditong nalulungkot at nanlulumo dahil iniisip na hindi sila sasagutin ng Diyos dahil nagkasala sila? Sinasabi ng 1 Juan 1:9, "Kung ipapahayag natin ang ating mga kasalanan, Siya ay tapat at banal na magpapatawad sa ating mga kasalanan at tayo'y lilinisin sa lahat ng kalikuan." Ayon sa talata, kung may pader ng kasalanan, una sa lahat, maging tapat kayo, ipahayag ninyo ito sa harapan ng Diyos. At kung tatalikuran ninyo ang mga kasalanan at lalakad sa Liwanag, papatawarin lahat ng kasalanan ninyo sa pamamagitan ng dugo ni Jesus.

Kapag naiwaksi na ang kasalanan, at matatag na ang pundasyon ng pananampalataya, ibig sabihin, natapos na natin ang paghahanda sa pagtanggap ng mga kasagutan.

### 3. Dapat ninyong tanggapin ang espirituwal na pananampalataya mula sa Diyos.

Kahit handang-handa tayo, hindi tayo tatanggap ng mga kasagutan kung hindi tayo bibigyan ng espirituwal na pananampalataya ng Diyos. Sa talata 11 ng binasa natin mula sa Biblia ngayong umaga, sinabi ni Jesus sa paralisadong lalaki na ibinaba mula sa bubungan ng mga kaibigan niya, "Tumayo ka, damputin mo ang iyong higaan, at umuwi ka." Hindi ito nanggaling sa pananampalataya ng paralisadong lalaki o ng mga kaibigan niya. Ito ay pagpapatunay ng pananampalataya ni Jesus.

Itinatag ng lalaking paralisado at ng mga kaibigan niya ang pundasyon ng pananampalataya. Nilagyan ito ni Jesus ng espirituwal na pananampalataya kaya nangyari ang isang himala. Ang lalaking matagal ng paralisado ay tumayong walang tulong, kinuha nito ang kanyang higaan, at lumakad pauwi. Kapag bumaba mula sa Diyos ang espirituwal na pananampalataya, ibig sabihin, naniniwala mula sa puso, agad magaganap ang pagbabago at pagdating ng mga kasagutan.

Ang paglakad sa tubig ng alagad ni Jesus na si Pedro ay hindi nangyari dahil nanampalataya si Pedro. Nagtiwala si Pedro na may himalang magaganap kung kasama niya si Jesus. Kaya sinabi niya kay Jesus, "Panginoon, kung Ikaw iyan, ipag-utos Mo sa akin na lumapit sa Iyo sa ibabaw ng tubig." Ibig sabihin, itinatag niya ang pundasyon ng pananampalataya. Nang tawagin siya ni Jesus, binigyan siya ng espirituwal na pananampalataya ng Diyos, nakapaglakad siya sa ibabaw ng tubig.

Pero nang lumalakad na si Pedro sa ibabaw ng tubig, natakot siya sa lakas ng hangin, nanlambot ang mga binti niya. Ibig sabihin, nang umuga ang pundasyon ng pananampalataya ni Pedro, at nawasak, nagtapos din ang himala ng paglakad sa ibabaw ng tubig. Ito ang espirituwal na batas na dapat ninyong maintindihan ng mabuti.

Kaya sa kahit na anong bagay, pagsikapan ninyong patatagin ang pundasyon ng pananampalataya ninyo. Idalangin ninyo na bigyan kayo ng Diyos ng espirituwal na pananampalataya sa ibabaw ng pananampalatayang nagmumula sa inyo. Huwag kayong basta na lang kumilos ayon sa sarili ninyong paraan o opinyon dahil nanalangin at nag-ayuno kayo. Kung totoong nanalangin kayo nang may pananampalataya sa Diyos mula sa puso ninyo, hintayin ninyong ibigay Niya sa inyo ang espirituwal na pananampalataya.

Dumadating ang kasagutan kapag ibinigay na sa inyo ng Diyos ang espirituwal na pananampalataya. Tulad ng tuyong lupa na binabasa ng ulan, kapag puno na ang puso ninyo ng pananampalataya mula sa Diyos, malulutas kahit na anong problema.

Mahal kong mga kapatid kay Cristo, sasagutin ng Diyos ang mga panalangin ng mga sumusunod at kinalulugdan Niya (1 Juan 3:21-22). Pero tandaan din natin na para tumanggap ng mga kasagutin tungkol sa malalaking bagay para sa kaharian ng Diyos, hindi pwede ang pagsisikap ng isang tao. Ang buong iglesya dapat ang magtulungan na magtatag ng pundasyon. Idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na maintindihan nawa ninyo ng mabuti ang espirituwal na batas na ito para tumanggap kayo ng mga kasagutan sa lahat ng mga dalangin ninyo at magbigay sa Diyos ng kaluwalhatian.

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)

"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church

Address: 29, Digital-ro 26-gil, Guro-gu, Seoul, Korea, 08389
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: http://www.manmin.org/english
www.manminnews.com
Email: manminen@manmin.kr

Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin

# Ang Mabangong Samyo ni Cristo

Sinasabi ng 2 Mga Taga-Corinto, "Sapagkat kami ang mabangong samyo ni Cristo sa Diyos sa mga iniligtas at sa mga napapahamak." Sinabi, dapat gabayan ng mga Cristiano ang mga tao patungo sa kandungan ng Panginoon sa pamamagitan ng pagpapakitang taglay nila ang mabangong samyo ni Cristo, at sa pagiging liwanag at asin ng mundo. Ano ba ang mabangong samyo ni Cristo?

## Ang mabangong samyo ng pagpapakumbaba at paglilingkod

Sinabi ni Jesus sa Mateo 20:28, "Kung paanong ang Anak ng Tao ay naparito hindi upang paglingkuran, kundi upang maglingkod, at upang ibigay ang Kanyang buhay na pantubos sa marami." Nadama ng lahat ng taong nakapaligid kay Jesus ang pagpapakumbaba at paglilingkod Niya.

Si Jesus ay Anak ng Diyos, nagpakita Siya ng mga tanda, himala, at kamangha-manghang kapangyarihan para maniwala ang mga tao na Siya ang Tagapagligtas.

Pero, hindi Niya gustong magpasilbi. Sa halip, nagpakumbaba Siya at naglingkod sa mga tao. Kung minsan, ni hindi Siya makakain o makatulog dahil napakaraming taong lumalapit sa Kanya. Naglingkod Siya sa mga tao nang taos-puso. Binago ang mga puso ng tao ng mabangong samyo ng pagpapakumbaba at paglilingkod Niya.

Kaya dapat gayahin ng mga Cristiano ang halimbawang ipinakita Niya. Magpakumbaba at maglingkod sila sa iba para mailabas nila ang mabangong samyo ni Cristo.

Pero dapat maging natual lang sa inyo ang pagpapakita ng mabangong samyo na nagmumula sa puso. Hindi ito pinag-aaralang gawin para maging taos sa puso. Kung makikita ito ng ibang tao, bubuksan nila ang puso nila sa inyo, pagtitiwalaan nila kayo. Ang ebanghelyong ibinabahagi ninyo sa kanila ay maitatanim sa kanilang puso.

May mga taong nagpapakita ng pagpapakumbaba kapag kaharap nila ang mga taong mas mataas ang posisyon kaysa sa kanila, pero sinisiraan nila ang mga ito kapag nakatalikod. May mga boss na hindi bumabati kapag binabati sila ng mga tauhan nila, hindi nila pinapansin ang mga ito.Ang ugaling ito ay hindi nagpapakita ng pagpapakumbaba at paglilingkod.

May mga taong sumasama ang loob o nagagalit kapag napagsasabihan sila dahil sa maling ginawa o kapag napapaalalahanan at napayuhan. Dapat iwasan nila ang hangarin ng puso nilang maitaas ang sarili at mapaglingkuran ng iba. Ito ang dahilan kung bakit ayaw nilang makinig sa pagalit o mga komento na nagpapakita ng mga pagkukulang nila.

O kaya, kapag may isang taong nagsalita tungkol sa isang bagay na laban sa inyo, baka husgahan ninyo siya dahil sa sinabi niya. Pero kadalasan ang paghatol ninyo ay mali at malayo sa katotohanan.

Ibig sabihin, kapag inisip ninyong mas nakakaangat kayo kaysa sa ibang tao, hindi kayo kumportable. Baka maging simula pa ito ng problema. Pero, kung magpapakababa kayo at sisikaping unawain ang taong ito, walang magiging problema. Para maintindihan ninyo ang taong ito, mahalaga na pakinggan ninyo ang sinasabi niya hanggang matapos siya. Mas maiintindihan ninyo kung bakit niya sinabi ang mga bagay na sinabi niya. Madadama din ninyo ang nilalaman ng puso niya, tulad ng paghahangad na mahalin ng iba, o mas mapahalagahan, o mas gumaling o maging mahusay sa isang bagay. Kaya magkakaintindihan kayo.

Ang mabangong samyo ni Cristo ay nakikita sa pagpapakumbaba at paglilingkod, hahaplusin nito ang puso ng ibang tao.

## Ang mabangong samyo ng pag-ibig

Kahit itinatwa ni Pedro si Jesus nang tatlong beses, hindi siya iniwan nito. Naunawaan Niya ang kahinaan ni Pedro, pinatawad Niya ito, at muling pinalakas. Dati, tinugis at inusig ni Pablo ang mga nagtitiwala sa Panginoong Jesus, pero lumapit sa kanya ang Panginoon, pinatawad siya, at ginawa siyang apostol. Binago sila ng pag-ibig ng Panginoon at ginawa silang mga apostol.

Parang tayo din, pinalambot ng pag-ibig ng Panginoon na ipinako sa krus ang puso natin. Nilatigo Siya sa buong katawan, ipinutong sa ulo Niya ang koronang tinik, at ipinako ang mga kamay at mga paa Niya. Sa bandang huli, binawian Siya ng buhay, dumanak ang lahat ng dugo Niya para iligtas tayo kahit hindi natin Siya pinagtitiwalaan. Kapag natanto natin ang pagmamahal Niya, magpapasalamat tayo at mapapaiyak. Kapag susundin natin ang pag-ibig ng Panginoon na nagsakripisyo ng lubos para sa atin, at kapag ipinakita natin ang pagmamahal na ito sa ibang tao, magkakaroon tayo ng mabangong samyo ni Cristo.

Ang pag-ibig na ito ay walang hinihinging kapalit. Mapagbigay ang pag-ibig na ito, walang pasubali. Ito ang pag-ibig na nagpapatawad, kahit sa mga taong nananakit sa atin, tulad ng Panginoon na nagpapatawad sa atin mula sa ating kasamaan at kasalanan. Kung ipapakita natin sa iba ang mabangong samyo ng pag-ibig, madadama ito ng ibang tao, magbabago sila. Kayang tunawin ng espirituwal na pag-ibig ang pusong kasing tigas at kasinlamig ng yelo, mapapalambot nito ang matigas na puso.

Mamahalin din ng ibang tao ang may ganitong klaseng pag-ibig. Iisipin ng iba, "Bakit hindi ako minamahal ng ibang tao? Dahil ba hindi ako maganda o gwapo, o dahil mahirap lang ako?" Huwag na ninyong hangarin ang makalaman na pag-ibig na ito. Hindi ito magtatagal. Pansamantala lang ito. Ang ganitong klaseng pag-ibig ay mabilis magbago kapag nagbago ang pisikal na anyo ninyo o kung may dumating na mas mahusay kaysa sa inyo.

Para magkaroon ng hindi nagbabagong tunay na pag-ibig, dapat magbago ang inyong espiritu na siyang pinakadiwa ng inyong pagkatao. Ibig sabihin, dapat mayroon kayong mabuting puso na walang halong kasamaan at pusong espirituwal na walang bahid ng laman. Kapag mayroon kayong mabangong samyo ni Cristo sa puso ninyo, mamahalin kayo ng ibag tao. Ito ang tunay na pag-ibig.

Ang mabangong samyo ng pag-ibig na nagmumula sa pusong espirituwal ay hahaplos sa puso ng lahat ng tao. Ito ay malambot, mainit, at tapat. Kapag mayroon kayo nito, magbubukas ng puso ang mga tao sa inyo, mamahalin din nila kayo.

Ang tunay na pag-ibig ay pagmamahal sa lahat ng bagay na may kinalaman sa taong iyon dahil minamahal ninyo ang espiritu nila. Iniibig ng Diyos Ama ang espiritu natin, hindi ang anyo natin (1 Samuel 16:7). Mula din sa puso natin ang pagtitiwala at pagmamahal natin sa Diyos na hindi natin nakikita.

Mababasa sa Kawikaan 8:17, "Iniibig Ko silang sa Akin ay umiibig, at Ako'y natatagpuan ng humahanap sa Aking masigasig." Kung susundin natin ang mga utos ng Diyos dahil sa pagmamahal sa Kanya, sasagana ang kaluluwa natin, at lahat ng bagay ay magiging mabuti para sa atin, bibiyayaan tayo ng Diyos ng mabuting kalusugan. Tatanggapin natin ang pag-ibig ng Diyos, mararanasan natin Siya sa buhay natin, at tatamasa tayo ng kasaganahan kahit narito pa tayo sa mundo.

# "Nawala ang pananakit na dulot ng mga bato sa daanan ng ihi nang magkatitigan kami!"

Diakono Duseok Yun, 38 taong gulang, Parokya 12, Manmin Central Church



Noong Disyembre 23, 2017, mga bandang hapon, pumunta ako sa laruan para mag-soccer. Napakalamig ng panahon. Nagehersisyo muna ako ng katawan bago nagsimulang maglaro. Wala pang sampung minuto ang paglalaro ko nang makarinig ako ng tunog mula sa buto ng kaliwang binti ko, nakaramdam din ako ng pananakit. Nagkaroon ng pasa ito at naging napakasakit. Sa loob ng 30 minuto, naupo lang ako ng tahimik. Pagkatapos, papilay-pilay akong pumunta sa kotse ko, halos hindi ko ginamit ang kaliwang paa ko dahil masakit.

Pero nawala ang pananakit nang tanggapin ko ng tatlong beses ang panalangin ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee na naka-record sa Automated Response System sa cellphone ko. Nais kong ibalita sa Punong Pastor ang tungkol sa paggaling ko kapag nagkita kami sa pagpupulong kinabukasan para sa 1-2 Misyon ng Kalalakihan kung saan isa akong miyembro. Kinabukasan, sa ganap na ika-7:30 ng gabi, pumasok kami sa opisina niya. Habang nakikinig kami sa kanya, parang nanigas ang likuran ko. Hindi ko ito pinansin. Bago kami lumabas ng opisina niya, sinabi ko sa kanya, "Gumaling ang binti ko dahil sa panalangin mo. Wala na akong nararamdamang pananakit. Nakapaglakad at naka-akyat ako ng hagdanan ng walang problema. Maraming salamat po."

Pagkatapos, habang naglalakad ako papunta sa paradahan ng sasakyan para maka-uwi na sa pamilya ko, sumakit ulit ang likod ko. Matindi ang pananakit, parang hinihiwa ang mga laman-loob ko. Hindi na ako makapaglakad. Bumalik ako sa iglesya, pumunta ako sa opisina ng World Christian Doctors Network, samahan ng mga doktor na Cristiano. Sumailalim ako sa ultrasound, may nakitang mga bato sa daanan ng ihi. Tiniis ko ang matinding sakit kahit halos hindi ako makagalaw. Bumalik ako sa opisina ng Punong Pastor, tinanggap ko ang panalangin niya.

Matinding pananakit ang naramdaman ko, parang mahihimatay ako sa sakit. Sandali lang ako naghintay doon, pero parang napakatagal. Maraming miyembro ng iglesya sa paligid ko, pero hindi ko mapigilang magreklamo dahil hindi ko matiis ang sakit. Dumating ang pagkakataon kong makapasok sa opisina ng Punong Pastor para tanggapin ang panalangin niya. Alam na niya ang kalagayan ko, naghihintay na siya, nakabukas ang pintuan.

Nang magkatinginan kami, napaiyak ako at nagsisi, nawala lahat ng pananakit ng katawan ko! Ang Punong Pastor lang ang nakikita ko. Matagal na akong miyembro ng Manmin, 23 taon ko na siyang nakikita, pero ngayong araw na ito, parang ang liit ng Puong Pastor. Parang isang ama siya na nagsakripisyo ng malaki para sa mga anak niya. Natanto ko na hindi madali ang pinagdaanan niya, nakikita sa pagsasakripisyo niya ang pagmamahal niya sa akin.


Yumukod ang Punong Pastor at ipinatong ang kamay niya sa kanang bahagi ng katawan ko habang nakaluhod ako. Nawala ang pananakit, tumayo ako. Pinagsisihan ko sa harapan niya ang maligamgam na pananampalataya ko, sinabi ko na magsisikap akong magsulong ng maalab na buhay Cristiano. Nagpapasalamat at niluluwalhati ko ang Diyos na nagpagaling sa akin at nagtanggal ng mga bato sa daanan ng ihi ko. Naging bagong nilalang ako. Nagpapasalamat din ako ng taos-puso sa Punong Pastor na nanalangin para sa akin.

# "Gumaling ang kanser ko; at luminaw ang paningin ko!"

Kapatid Samuel Omondi Amata, 29 taong gulang, Nairobi Manmin Holiness Church, Kenya



Matindi ang pagdurusa ko dahil napakalabo ng mga mata ko. Hindi ko ito sinabi sa ibang tao. Noong nasa high school pa lang ako, inoperahan ang kaliwang mata ko para tanggalin ang katarata, at may problema din ako sa kanang mata. Napakasensitibo ng kanang mata ko, kahit banayad na hangin lang ang mapadampi dito, sumasakit na ito agad. Palabo ng palabo ang mga mata ko habang lumilipas ang panahon. Dahil sa problema ko sa mga mata, tatlong buwan akong hindi pumasok sa eskwelahan. Nagsuot na ako ng salamin sa mata. Hindi nagtagal, nalaman ko na may tumor ako sa mata. Kung hindi ako maooperahan, mabubulag ako.



Noong Enero 2013, nakabasa ako ng *Balitang Manmin* na iniuwi ng pinsan ko mula sa iglesya. Tinapos ko ang pagbabasa nito, mahilig kasi akong magbasa. Tumanggap ako ng pagpapala mula sa mga patotoo ng paggaling dahil nagdurusa din ako sa mga karamdaman. Gusto ring mapagaling ako ng Diyos. Isang araw, sumama ako sa pinsan ko. Dahil dito, noong Enero 6, naging miyembro ako ng Nairobi Manmin Holiness Church sa Kenya.

Sa mga pagpupulong ng iglesya na may panyong nakapagpapagaling, idinalangin ni Bishop Dr. Myongho Cheong ang mga maysakit gamit ang panyong dinalanginan ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee (Ang Mga Gawa 19:11-12). Pinaghandaan ko ang pulong na ito, nanalangin ako at nagsisi mula sa aking puso.

Noong Enero 20, tumanggap ako ng panalanging may panyo mula kay Dr. Cheong. Pakiramdam ko, may gumalaw mula sa kanang mata ko papunta sa kaliwang mata, at pagkatapos, lumabas ito. Parang hihimatayin ako noong sandaling iyon. Pagkatapos, May kamangha-manghang nangyari. Ang mga tao at lahat ng bagay ay naging malinaw sa paningin ko kahit tinanggal ko ang salamin ko. Lahat ng pananakit at lahat ng sintomas na naramdaman ko ay nawalang lahat!

Dahil dito, nakatagpo ko ang Diyos. Nagpapasalamat ako sa pagpapala, sinimulan ko ang masigasig na buhay bilang Cristiano. Noong Setyembre 2015, sinubukang kong makapasok at magtrabaho sa isang opisina ng gubyerno. Kinausap ako ng mga opisyal doon dahil gusto kong maglingkod sa mga tao. Tinanggap kong muli ang panalanging may panyo mula kay Dr. Myongho Cheong.

Nakakagulat, kinuha ako sa trabaho, anim na buwan ang kontrata ko para maglingkod bilang tagasaliksik sa pagpapabuti ng medisina sa ilalim ng research center ng gubyerno. Nanalangin ako sa espesyal na pulong panalanging Daniel para maging regular ako sa trabaho. Parang maliit ang tsansa kong maging regular na empleyado dahil inanunsyo ng gubyerno na magbabawas sila ng trabahador. Pero noong Marso 2017, kinuha akong regular na opisyal. Sinagot ng Diyos ang panalangin ko.

Wala makakagamot sa lahat ng pagdurusa sa mga karamdaman sa mundong ito, pero nilutas ng Diyos ang lahat ng problema ko. Nagpapasalamat ako sa Diyos na nagbibigay ng pagpapala sa akin sa pamamagitan ng pastol.


**Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas**

**Manila Manmin Holiness Church**
168 West Riverside St., Brgy. San Antonio, San Francisco Del Monte, Quezon City, Metro Manila, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
0977-329-4789

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
0977-329-4789

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, Pilipinas
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 / 0916-674-3903 / 0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Pilipinas
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4 Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City, Cebu, Pilipinas
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Pilipinas
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714